Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
Kagawaran ng Edukasyon
(Department of Education)
Rehiyon VIII
**DIBISYON NG TACLOBAN CITY**
Lungsod ng Tacloban

Agosto 1, 2023

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg. 440 s. 2023**

**PANDIBISYONG PAGSASANAY AT PALIHAN SA MAKABAGONG PARAAN NG PAGTUTURO NG FILIPINO GAMIT ANG ABKD AT ORTOGRAPIYANG PAMBANSA 2023**

**Sa mga: PINUNO, DIBISYON NG PAGPAPATUPAD NG KURIKULUM (CID)**
**PINUNO, DIBISYON NG PAGPAPATAKBO NG PAMAMAHALA NG MGA PAARALAN (SGOD)**
**SUPERBISOR NG DISTRITO NG MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN**
**PUNONG GURO NG MGA PAARALAN PAMPUBLIKONG ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA**

==========

1. Alinsunod sa Batas Republika 10533 o Enhance Basic Education Act of 2013, Section 12, Teachers Education and Training na tinitiyak na ang enhanced basic education program ay makamit ang pangangailangan ng dekalidad na mga guro at mula sa Kautusang Pangkagawaran Blg. 34, s. 2013 na Ortograpiyang Pambansa na naglalayong mailahok ang mahahalagang kaakuan ng mga katutubong wika tungo sa istandardisadong ortograpiyang Filipino na maaaring gamitin sa lahat ng wika ng Pilipinas. Naniniwala ang Komisyon Wikang Filipino na magiging mainam na ambag ito sa pagbuo ng mga kagamitang panturo ng mga guro at pagpapahusay ng mga akda at dokumento.

2. Mula sa mga kautusang Pambansa at Pangkagawaran na naglalayong maitaas ang kaantasan at kakayahan ng mga guro sa pagtuturo gamit ang wikang Filipno, ang Dibisyon ng Lungsod ng Tacloban ay magsasagawa **ng "Pagsasanay at Palihan sa Makabagong Paraan ng Pagtuturo ng Filipino Gamit ang ABKD at Ortograpiyang Pambansa 2023" ngayong Agosto 21-23, 2023**. Ang lugar ng pagsasanayan ay ipapabatid sa mga susunod na araw.

3. Ang mga gastos na natamo kaugnay ng pagsasagawa ng gawain na ito ay magmumula sa pondo ng Local HRTD Continuing Fund/Local Fund, napapailalim sa karaniwang mga tuntunin at regulasyon sa accounting at auditing.

4. Hinihingi ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

RELEASED
Date: 8/1/23
Time: 1:20 PM
Signature:

**JUDELLA RUIZ-LUMPAS EdD. CESO VI**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

S.O. # 149 s. 2023